Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-TATLUMPU'T ISANG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-20 NG AGOSTO, 1997 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1. Kgg. JOSE B. CATINDIG, Jr. - Pang. Punong-bayan-Namuno
2. Kgg. ARTURO M. TIONGCO - Kagawad
3. Kgg. O. RAMON L. LIJAUCO - Kagawad
4. Kgg. GIOVANNI T. BUSTAMANTE - Kagawad
5. Kgg. RUFINO P. TAPANGCO - Kagawad
6. Kgg. PAULINO Y. CAMACLANG, Jr. - Kagawad
7. Kgg. LUISITO B. ALGABRE - Kagawad
8. Kgg. RESTITUTO C. ALMODOVAR - Kagawad
9. Kgg. URBANO J. DIA - Kagawad
10. Kgg. ROMEO P. AALA - Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-Barangay
11. Kgg. FRANCISCO G. ALMIRA, Jr. - Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sang. Kabataan

****

KAPASIYAHAN BLG. 159-'97
(Sa mungkahi ni Kag. Tapangco na pinangalawahan ni Kag. Aala)

ANG KAPASIYAHAN
na nagpapatibay sa sumusunod na Kapasiyahan at Kautusang isinulit ng Sangguniang Barangay ng Sinalhan na tumutugon sa sumusunod:

KAPASIYAHAN BLG. 14-'97 - na nagsasaad ng paghiling sa Kgg. Jose D. Lina, Jr. sa pamamagitan ni Kgg. Teresita Ning Ning Lazaro na mapagkalooban ng bagong body ang Bgy. Patrol Car na ipinagkaloob ng butihing Gob. Jose D. Lina nang siya ay senador pa.

KAPASIYAHAN BLG. 16-'97 - na nagsasaad ng paghiling sa Kgg. Jose D. Lina, Jr. na mapagkalooban ang Sangguniang Barangay ng Basketball Court (Half Court).

KAPASIYAHAN BLG. 17-'97 - na nagsasaad ng paghiling sa Kgg. Nereo Joaquin Kinatawan ng Unang Distrito Lalawigan ng Laguna sa Mababang Kapulungan na mapaglaanan at mabigyan ang Sangguniang Barangay ng mga gamot para sa sakit na Lagnat, trangkaso, Dengue at mga bitamina para sa mga sanggol at bata ng barangay.

KAPASIYAHAN BLG. 18-'97 - na nagsasaad ng paghiling sa Pamunuan ng Coca-cola Bottling Corp. sa Bgy. Pulong Santa Cruz, Santa Rosa, Laguna na mapagkalooban ang Sangguniang Barangay ng isang Tanod Out Post at isang Store Sign na nakatatak ang Barangay Hall ng Barangay Sinalhan.

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

KAUTUSAN BLG. 01-T-97 - na nagsasaad ng pagtatakda ng bayad para sa Barangay Certification na nauukol sa Panganganak (Birth Certificate), Pagpapatunay ng Paninirahan sa Barangay at kawalan ng anumang kaso na nabibinbin sa barangay.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

(Lgd) ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-31 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-20 ng Agosto, 1997.

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim